

# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, [www.samutsamot.wordpress.com](http://www.samutsamot.wordpress.com)

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka       
20

## Pagkilala sa pangatnig

*Panuto:* Ikahon ang pangatnig sa bawat pangungusap.

1. Mabigat ang trapiko kaya nahuli ako sa klase.
2. Naglilinis siya ng silid habang nakikinig siya sa radyo.
3. Magbabasa ako ng aklat o manonood ako ng telebisyon.
4. Hindi kumikibo si Mario kapag malapit si Anna sa kanya.
5. Huwag mo siyang tularan sapagkat masama ang ginagawa niya.
6. Sasabay sana ako kay Maricar pauwi subalit nakaalis na pala siya.
7. Hindi pumasok sa paaralan si Nelia dahil sumakit ang kanyang ngipin.
8. Hindi siya matipid sa pagkain palibhasa marami ang perang baon niya.
9. Uuwi ako nang maaga para matulungan ko si Nanay sa mga gawaing bahay.
10. Naghintay si Nanay sa sala hanggang dumating si Tatay mula sa opisina.
11. Nagmadaling pumunta si Ted sa istasyon ngunit hindi niya naabutan ang tren.
12. Lalabhan ko ang damit ni Ariel at paplantsahin ko ang uniporme ni Alicia.
13. Mag-aaral ako nang mabuti upang mataas ang makuha kong marka sa pagsusulit.
14. Si Ate Rita ay bumili ng sariwang gulay at mga hinog na mangga sa palengke.
15. Si Tatay o si Kuya Martin ang susundo sa inyo sa paaralan mamayang hapon.
16. Dapat sabihin ko sa kanya ang katotohanan ngunit ayaw kong magalit siya sa akin.
17. Si Janice ang kakanta dahil siya ang pinakamagaling na mang-aawit sa klase natin.
18. Hindi niya makuha ang tamang sagot bagama't nakinig siya sa sinabi ng guro.
19. Gusto nilang maglaro sa palaruan pero pinagbawalan silang lumabas ng bahay.
20. Sumali sa paligsahan si Danilo kahit sinabi nila na wala siyang pag-asang manalo.